# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa
Revised August 2022

### ST504 Ang Millenium

- **Literal or Figurative**

There is only one way to interpret Scripture, at iyon ay *literally*. Hindi naman ibig sabihin nito na hindi na dapat recognize-in ang mga figurative forms of speech; tulad ng simile, metaphor, hyperbole, symbolism, typology, at marami pang iba. Lalong-lalo sa apocalytic genre.

Dalawang bagay ang tinutukoy ng 1,000 years na binanggit sa Revelation 20:1-3, 7-10: ang 1,000 year reign of Christ at ang 1,000 years na pagkakulong kay Satanas sa abyss o bottomless pit. Kung literal man o figurative ang pag-interpret sa isang libong taon na ito, ang mapagkakasunduan ay ito ay isang napaka habang panahon. Ang 1,000 years ay, more or less, 13 lifetimes. Kaya almost 26 lifetimes ago ang nakaraan nang itinala ni Apostol Juan ang pahayag ng Panginoong Jesus.

Ang sabi ng Lord nang in-issue Niya ang great commission ay ito: [Matthew 29:18] *All authority has been given to Me in heaven and on earth*. Ang ibig sabihin nito ay mula noon hanggang ngayon at magpakailan man, ang Panginoong Jesus ang naghahari sa sansinukob. Kaya, ang lahat ng nangyayari dito sa mundo at sa kalangitan ay kailangang may approval Niya, mabuti man o masama, tama man o mali, beforehand. Subalit huwag kalilimutan na ang Lord is never the source of evil. Pinapayagan Niya ang pain and sufferings maganap dito sa mundo for His own mysterious purposes; that is, mysterious sa tao.

Mula noon hanggang ngayon ay lampas na sa 1,000 years, samakatuwid, hindi dapat i-interpret ang 1,000 years na binanggit sa Revelation 20 nang literal - kundi figurative - sapagkat matagal nang naghahari ang Panginoong Jesus sa buong sansinukob. Besides, hindi ba sinabi ni Apostol Pedro na, [2 Peter 3:8] *with the Lord one day is as a thousand years, and a thousand years as one day.* At yun din ang sabi ni Moses, [Psalm 90:4] *For a thousand years in your sight are but as yesterday when it is past, or as a watch in the night.*

Isang araw, matapos mag-cast out ng demonyo ang Panginoon, inakusahan Siya ng mga Pariseo na ang kapangyarihan Niyang magpalayas ng demonyo ay galing kay Satanas. Ito ang sagot ng Lord, [Matthew 12:25] *Every kingdom divided against itself is brought to desolation; and every city or house divided against itself shall not stand:* [26] *And if Satan cast out Satan, he is divided against himself; how shall then his kingdom stand?* [28] *But if I cast out devils by the Spirit of God, then the kingdom of God is come unto you.* [29] *Or else how can one enter into a strong man's house, and spoil his goods, except he first bind the strong man? and then he will spoil his house.*

Maliwanag na ang sinasabi rito ng Lord na ginapos na Niya si Satanas. Sa madali't sabi, walang magagawa si Satanas upang mahinto niya ang kalooban ni Cristo. Sinubukan ni Satanas na pasunurin ang Lord nang tatlong beses habang ang Panginoon ay nagpa-fasting sa ilang. Hindi siya nagwagi. Pinapakita sa kaganapang ito na walang kapangyarihan si Satanas laban sa Lord. Kilala ng Lord ang rebeldeng archangel; minsan sinabi Niya na, [Luke 10:18] *I saw Satan fall like lightning from heaven.* Ang nililiwanag ng Lord dito ay Satan is a fallen creature na nabigo nang nagtangkang maging tulad ng

Makapangyarihang Diyos. Kaya naman, in-assure Niya ang Kanyang mga disciples na *the gates of hell shall not prevail against His church* (Matthew 16:18). Maliwanag na helpless si Satanas compared to the power of the King of kings and Lord of lords.

Nang sinabi ng Panginoon na walang nakaaalam kung kailan Siya babalik sa mundo, ang sinasabi Niya ay walang saysay ang paghuhulaan kung kailan ito magaganap. Ang mahalaga ay ang dahilan kung bakit dapat nating isaisip na Siya ay babalik at ang mundong ito na may kinakaharap na wakas. Ang sabi ni Apostol Pedro nang banggitin niya ang end of the world sa kanyang pangangaral ay ito: [2 Peter 3:10] *But the day of the Lord will come as a thief in the night, in which the heavens will pass away with a great noise, and the elements will melt with fervent heat; both the earth and the works that are in it will be burned up.* At ang tanong niya ay, [11] *Therefore, since all these things will be dissolved, what manner of persons ought you to be in holy conduct and godliness.* So, balik na naman tayo sa pangaral ng Lord: *You are in the world, but not of it*. Ang Cristiano ay walang matatagpuan dito sa mundo na magbibigay kaligayahan sa kanya.

Sa pagsusuma: Ang millennium na binanggit sa Revelation 20 ay nagsimula nang ibigay ng Diyos kay Jesu Cristo ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa at magwawakas matapos ang last judgments. In between the beginning and the end of this long period of time ay ang paglaganap ng mga false messiahs at false prophets, ang pagbisita sa mundo ng four horsemen of the Apocalypse *(Invasion, War and Violence, Famine at Pestilence*), at the same time, the rain will continue to fall on the just and unjust and the sun will shine for the benefit of the righteous and the unrighteous. God's blessings and God's curses will be the cycle of life until the end of time.

Alam natin ang end of the Millenium, ang last judgments. Subalit, kailan ba ito nagsimula? Kailan ba binigay ng Diyos ang lahat ng kapangyarihan kay Cristo Jesus?

Could it be nang binaptize ang Lord ni John at bumukas ang langit at sinabi ng Diyos Ama, *This is My beloved Son with whom I am well pleased*. Or sa Mount of Transfiguration ay narinig ang tinig ng Diyos Ama – *This is my beloved Son, listen to Him*.

Mula nang banggitin ng Diyos Ama ang katagang, *Listen to Him*, Si Cristo na ang dapat pakinggan at sundin. Siya na ang final authority. Ito ang simula ng Millenium.

This is what I think. How about you, what do you think?

**I. Multiple Choice**

1. Isang paraan lamang ang pag-interpret ng Scripture at ito ay literally without regard for figurative forms of speech.
   a. True
   b. False

2. Ang 1,000 year reign ni Cristo ay iba pa kaysa 1,000 years na pagkakulong ni Satan sa bottomless pit.
   a. True
   b. False

3. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
   a. Pinapayagan ni Cristo ang pain and sufferings dito sa mundo para sa Kanyang layunin.

b. Si Cristo ang naghahari sa sansinukob mula noon, ngayon at magpakailanman
c. Si Cristo ay walang control sa lahat ng nangyayari sa mundo dahil si Satan ang god of this world.

4. Ang sabi sa 2 Peter 3:8, *with the Lord ______ is as a thousand years, and a thousand years as _______.*
   a. One week
   b. One day
   c. One month

5. Ang strongman na tinutukoy ng Panginoong Jesus sa Matthew 12:29 ay si
   a. Satan
   b. Mga kampon ni Satanas
   c. Lahat ng nasa itaas

6. Kamuntik nang mapasunod ni Satanas ang Lord habang ang Panginoon ay nagfa-fasting sa ilang.
   a. True
   b. False

7. Walang nakakaalam kung kailan eksakto babalik ang Panginoon. Ang mahalaga ay
   a. Subukan nating mahulaan kung kailan ito mangyayari.
   b. Kung pinipilit nating makagawa ng mabuti habang nabubuhay tayo.
   c. Kung tayo ay namumuhay ng may kabanalan habang tayo'y naghihintay.

8. Kailan nagsimula ang millennium na binanggit sa Revelation 20?
   a. Nang lumabas ang mga false prophets and teachers
   b. Nang ibigay ng Diyos kay Jesu Cristo ang lahat ng kapangyarihan sa langit at lupa
   c. Nang magkaroon ng mga violence, giyera, taggutom at iba pa

9. Kailan magtatapos ang millennium?
   a. Sa last judgements
   b. Sa rapture
   c. Sa day of the Lord

© Revised August 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.